

Ano ang karapatan ng mga bata?

Ang bawat bata ay natatangi at espesyal. Samakatuwid, ang bawat bata ay **may karapatan**, mula sa kapanganakan, na igalang at pahalagahan.

Gaano man sila kabata, ang lahat ng mga bata ay may kanya-kanyang damdamin. Sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan kung saan nararamdaman nilang iginagalang sila, maaari silang lumaki bilang mga adulto na may **pakiramdam ng seguridad** at kumpiyansa. Ang mga batang lumalaki hanggang sa may sapat na gulang ay may "karapatan ng mga bata" tulad nito.

Ang mga bata ay may mga magkakaibang uri ng karapatan, kabilang ang mga sumusunod na apat na kategorya ng mga karapatan, bukod sa iba pa:

- 1 Ang karapatang mabuhay nang ligtas at may pakiramdam ng seguridad;
- 2 Ang karapatan para sa bawat bata na igalang at pahalagahan;
- 3 Ang karapatang umunlad sa malaya at pinayamang paraan; at,
- 4 Ang karapatang lumahok sa kanilang sariling kalooban.

(Ordinansa ng Nagoya sa Karapatan ng Mga Bata)

Ano ang "Nagomokka"?

Ang "Nagomokka" ay pangalan ng isang advisory center para sa proteksyon at pagsusulong ng karapatan ng mga bata.

Ang mga investigator na tagapayo at tagapagtaguyod ng mga karapatan ng bata ay nagtatrabaho sa Nagomokka. Ang salitang "tagapagtaguyod" ay nangangahulugang mga **nagpoprotekta at nagtataguyod ng mga karapatan ng isang tao**.

Ang Nagomokka ay palaging kumakampi sa mga bata at isinasalang-alang **ang pinakamahasay na interes ng bawat bata** (kung ano ang pinakamahasay para sa isang partikular na bata).

Sa isang kapaligiran kung saan madali mong maipapahayag ang iyong mga pananaw, kasama mong mag-iisip ang Nagomokka. Hinahangad nitong lutasin ang iyong mga problema, **habang iginagalang at pinahalalagahan ang iyong damdamin**.



Pasukan papunta sa Nagomokka (sa ika-6 na palapag)



NHK Nagoya Broadcasting Center Building

Paano i-access ang serbisyong pagpapayo

Makikinig kami sa iyo.

Ang mga investigator na tagapayo ay sasagot sa iyong mga alalahanin.

Mga investigator na tagapayo



Toll-free number para sa mga bata lamang

0120-874-994

● Sa pamamagitan ng telepono

Numero ng telepono para sa mga adulto

052-211-8640

* Maaari ring gamitin ng mga adulto ang serbisyong pagpapayo hangga't ang kanilang mga alalahanin ay nauugnay sa karapatan ng mga bata.

● Sa pamamagitan ng fax



052-211-8072



● Sa pamamagitan ng pagpupulong nang personal o pagpapadala ng mga liham

NHK Nagoya Broadcasting Center Building, ika-6 na palapag, 1-13-3 Higashi Sakura, Higashi-ku, Nagoya 461-0005
(Mga 3 minutong lakad mula sa Sakae Station habang dinadaan ang Oasis 21)

* Kung gusto mong magkaroon ng konsultasyon sa ibang wika maliban sa Japanese, mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang patiuana.

Mga araw ng pagbukas ng linggo at mga oras

Lunes

11:00 a.m. hanggang 7:00 p.m.
(Nagsasara ang reception desk ng 6:30 p.m.)

Martes, Huwebes, at Biyernes


11:00 a.m. hanggang 9:00 p.m.
(Nagsasara ang reception desk ng 8:30 p.m.)

Sabado

11:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
(Nagsasara ang reception desk ng 4:30 p.m.)

* Maliban sa mga pampublikong holiday at sa mga holiday sa katapusan ng taon at Bagong Taon

* Mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang patiuana kung gusto mong makipag-usap sa amin pagkatapos ng 8:00 p.m. sa Martes, Huwebes, at Biyernes.



Lungsod ng Nagoya
Advisory Center para sa
Karapatan ng Mga Bata



Nagomokka

Huwag magdusang mag-isa.
Kausapin mo lang kami.



Nagomokka Advisory Center para sa Mga Bata
Mascot
Nagomon

Ang Nagomokka ay isang advisory center para sa proteksyon at pagsusulong ng karapatan ng mga bata.

Toll-free number para sa mga bata lamang

0120-874-994



"Nagomokka" official X

@NagomokkaNagoya

Nagomokka

Hanapin sa pamamagitan ng pag-enter ng term na "Nagomokka"



* Ang QR Code ay nakarehistrong trademark ng DENSO WAVE Incorporated.

Ano ang ginagawa ng Nagomokka?



Makipag-ugnay sa Nagomokka, halimbawa, kapag nararamdaman mo na...

May isang bagay na hindi ko kayang sabihin sa iba.



Ayokong pumasok sa paaralan.

Hindi ako sinasama.

Sa palagay ko ang patakarang ito ay hindi patas.



Minsan hindi ako binibigyan ng pagkain.

Mga miyembro ng iyong pamilya o sambayanan

Nag-aalala ako tungkol sa pang-aapi.



Nagsabi ako ng masama sa aking kaibigan.



Wala akong makausap kahit sinuman.

Wala akong oras para sa sarili ko sa bahay.

Maaari kang makipag-usap tungkol sa anumang iba pang mga problema at alalahanin na mayroon ka.

Kapag nararamdaman mong "Nahihirapan ako", "Nababagabag ako", "Namomproblema ako" o "Kailangan ko ng tulong", huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa Nagomokka.

Makikinig sa iyo ang mga **investigator na tagapayo**. Batay sa sinabi mo sa kanila, iimbestigahan ng mga **tagapagtaguyod ng karapatan ng bata** kung ano ang nangyayari at makikipag-ugnayan sila sa iba't ibang mga tao upang malutas ang iyong mga problema.

Ang mga taong makikinig sa iyo

Ang mga mag-iisip kasama mo at hihingi ng kooperasyon mula sa iba't ibang mga tao



Itatago ng Nagomokka ang iyong sikreto.



Hindi ibubunyag ng Nagomokka kung ano ang sinabi mo sa amin sa sinuman, kasama ang iyong mga magulang o paaralan, maliban sa staff ng Nagomokka, maliban na lang kung sasabihin mong OK lang itong isiwalat.

Naghahanap ng payo

Telepono Fax

Sa personal Liham



* Maaari ring gamitin ng mga adulto ang serbisyong pagpapayo hangga't ang kanilang mga alalahanin ay nauugnay sa karapatan ng mga bata.

Ngayon, alam ko kung ano ang gagawin.


Parang gumaan ang pakiramdam ko.

Resolusyon

Pagbabawi sa iyong karapatan



Ngayon, gumaling na ako.



Kung magkaroon ka muli ng anumang problema, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa Nagomokka.

Mag-iisip kasama mo

Maingat naming pakikilingan ang iyong nararamdaman at kung ano ang iniisip mo.

Ano ang maaari nating gawin?

Ano ang nais mong gawin namin?

Ano ang gusto mong gawin?



Imbestigahan at makipagtulungan

Imbestigasyon at koordinasyon

Ang mga tagapagtaguyod ng karapatan ng mga bata ay nakikipag-usap sa mga kinauukulang tao at humihingi ng kanilang kooperasyon.

Ang mga tagapagtaguyod ng karapatan ng mga bata ay maaaring magsabi para sa iyo sa ibang tao tungkol sa kung ano ang nararamdaman at iniisip mo.



Mga rekomendasyon at kahilingan

Upang mapabuti ang situwasyon, maaaring hilingin ng Nagomokka sa ibang mga institusyon na gumawa ng aksyon o pagbutihin ang mga sistema.